



# RISK COMMUNICATION FOR THE COVID-19 HEALTH SITUATION

Message Toolkit

**Philippines**

Version 2

As of April 18, 2020

# TABLE OF CONTENTS

<b><u>I. Solidarity Messages</u></b>	<b><u>1</u></b>
<b><u>II. How to Make Disinfectant Solutions</u></b>	<b><u>2</u></b>
<b><u>III. Smoking and COVID-19</u></b>	<b><u>4</u></b>
<b><u>IV. COVID-19 and Stigma</u></b>	<b><u>8</u></b>
<b><u>V. Mechanical Ventilators</u></b>	<b><u>11</u></b>
<b><u>VI. Proper Use of Face Masks</u></b>	<b><u>12</u></b>
<b><u>VII. When to Call Your BHERTs</u></b>	<b><u>14</u></b>
<b><u>VIII. Barangay Health Emergency Response Team (BHERT)</u></b>	<b><u>15</u></b>
<b><u>IX. Barangay Health Worker (BHW)</u></b>	<b><u>18</u></b>
<b><u>X. FAQs on the New Classification for COVID-19</u></b>	<b><u>21</u></b>
<u>OLD vs NEW CLASSIFICATION:</u>	<u>21</u>
<u>GENERAL PUBLIC</u>	<u>22</u>
<u>HEALTHCARE WORKERS</u>	<u>25</u>
<u>LOCAL GOVERNMENT UNIT</u>	<u>32</u>

## I. Solidarity Messages

---

---

Aalagaan ko ang aking sarili, ang aking pamilya, at ang aking komunidad. Susunod ako sa payo ng mga awtoridad at health workers.

**WE HEAL AS ONE!**

---

Mahal ko ang Pilipinas. Susunod ako sa mga hakbang upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19.

**WE HEAL AS ONE!**

---

Pinapahalagahan ko ang kalusugan ng aking sarili, aking pamilya, at aking komunidad. Susunod ako sa alituntunin ng pamahalaan sa COVID-19 Health Situation.

**WE HEAL AS ONE!**

---

Aalagaan ko ang aking bansang Pilipinas. Susunod ako sa payo ng awtoridad at health workers.

**WE HEAL AS ONE!**

---

Bilang mag-aaral, gagawin ko ang aking takdang aralin sa loob ng bahay at iiwasang lumabas kung hindi kinakailangan. Mahal ko ang Pilipinas.

**WE HEAL AS ONE!**

---

Bilang isang mabuting empleyado, susunod ako sa abiso ng aking opisina o ahensya patungkol sa pag-iwas sa sakit na COVID-19. Mahal ko ang Pilipinas.

**WE HEAL AS ONE!**

---

Mahal ko ang aking pamilya. Bilang mabuting magulang, sisiguraduhin ko pamamalagi sa bahay at tuturuan ko ang aking pamilya ng preventive measures.

**WE HEAL AS ONE!**

---

Bilang mabubuting magulang, ituturo namin sa aming mga anak at kasama sa bahay ang preventive measures upang maiwasan ang COVID-19.

**WE HEAL AS ONE!**

---

---

## II. How to Make Disinfectant Solutions

### ENGLISH

### FILIPINO

#### Steps to create a 0.5% sodium hypochlorite solution (1:10 solution) for disinfection of surfaces:

1. Gather all materials needed. (Work in a well-ventilated room, or outside in the shade but protected from the wind).
2. Wear appropriate personal protective equipment (gloves, goggles, apron and boots) when handling and preparing bleach solutions.
3. When preparing the solution, pour the amount of water required into a plastic container then add the bleach (and not the other way around):
  - If you are using household bleach(5% active chlorine), mix:
    - 1 ml bleach + 9 ml water, or
    - 100 ml bleach + 900 ml water
  - For chlorine powder/granules/tablet (60-70%) active chlorine, dissolve:
    - 1 tbsp of chlorine + 2L of water
4. Do not forget to label your disinfectant containers and specify chlorine concentration.
5. Prepare bleach and water solution fresh daily to preserve its strength.

#### Mga hakbang sa paggawa ng iyong 0.5% sodium hypochlorite/bleach disinfectant solution:

1. Ipunin ang lahat ng mga materyales na kakailanganin. Magtrabaho sa isang lugar na may magandang bentilasyon o may lilim at protektado sa hangin. Siguraduhin na magtrabaho sa isang lugar na maaliwalas at may magandang bentilasyon.
2. Magsuot ng personal protective equipment (guwantes, apron at bota) habang humahawak at naghahanda ng bleach solution.
3. Sa paghahanda ng solution, ibuhos ang dami ng tubig na kailangan sa isang plastik na lalagyan at idagdag ang bleach (huwag pagbaligtarin ang proseso):
  - Kung gagamit ng household bleach (may 5% na aktibong chlorine) paghaluin:
    - 1 ml bleach + 9 ml na tubig, o
    - 100 ml bleach + 900 ml na tubig
  - Gamit ang chlorine powder / granules / tablet na may 60-70% aktibong chlorine:
    - 1 kutsara (20g) ng chlorine + 2L ng tubig
4. Huwag kalimutang lagyan ng label ang mga lalagyan ng disinfectant kasama ang sukat ng konsentrasyon ng chlorine.
5. Araw-araw na maghanda ng bagong bleach at water solution upang mapanatili ang bisa nito.

---

**Steps to create a 0.05% sodium hypochlorite solution (1:100 solution) for hand-washing:**

1. Using the 0.5% solution you prepared above, mix 1 part of the solution to 9 parts water. For example:
  - Add 100 ml of the solution to 1L of water.
  - If you used chlorine powder/ granules/tablet, just add 1 tablespoon of the solution to 20L of water.
2. Don't forget to use it with caution. Frequent use may lead to dermatitis which could increase risk of infection!

**Mga hakbang sa paggawa ng 0.05% solusyon ng sodium hypochlorite (1: 100 solution) para sa paghuhugas ng kamay:**

1. Gamit ang 0.5% na solusyon na inihanda mo sa itaas, ihalo ang 1 bahagi ng solusyon sa 9 na bahagi ng tubig. Halimbawa:
    - Magdagdag ng 100 ml ng solusyon sa 1L ng tubig.
    - Kung gumagamit ka ng chlorine powder / granules / tablet, magdagdag lamang ng 1 kutsara ng solusyon sa 20L ng tubig.
  2. Huwag kalimutan na gamitin ito nang may pag-iingat. ang madalas na paggamit ay maaaring humantong sa dermatitis na maaaring magdagdag sa panganib ng impeksiyon!
-

### III. Smoking and COVID-19

ENGLISH	FILIPINO
<p><b>MAIN:</b> Smokers suffer severe symptoms if they catch COVID-19.</p> <p><b>SUB:</b> Stop smoking to help protect yourself and those around you from COVID-19.</p>	<p><b>MAIN:</b> Makararanas ng malulubhang sintomas ang mga naninigarilyo kapag nahawa ng COVID-19.</p> <p><b>SUB:</b> Huminto sa paninigarilyo upang maprotektahan ang sarili at mga nakapaligid sa iyo mula sa COVID-19.</p>
<p><b>MAIN:</b> The virus doesn't discriminate. Neither should we.</p> <p><b>SUB:</b> Smokers are more likely to suffer severe symptoms if they catch COVID-19. Instead of harming or isolating smokers, help them quit to protect themselves from the virus.</p>	<p><b>MAIN:</b> Walang pinipinili ang virus. Hindi rin dapat tayo.</p> <p><b>SUB:</b> Maaaring higit na makararanas ng malulubhang sintomas ang mga naninigarilyo kapag nahawa ng COVID-19. Sa halip na saktan o i-isolate, tulungan silang huminto upang maprotektahan ang kanilang sarili sa virus.</p>
<p><b>What is the relationship between smoking and COVID-19?</b></p> <p><b>MAIN:</b> Emerging research shows that smokers are more likely to experience severe illness if they contract COVID-19.</p> <p><b>SUB:</b> Smokers who catch COVID-19 are more likely to need ventilators, and are also more likely to have respiratory complications.</p>	<p><b>Ano ang ugnayan ng paninigarilyo at COVID-19?</b></p> <p><b>MAIN:</b> Ipinakikita ng mga bagong pag-aaral na maaaring higit na makararanas ng malubhang sakit ang mga naninigarilyo kung nahawa ng COVID-19.</p> <p><b>SUB:</b> Maaaring mas mangangailangan ng ventilator ang mga naninigarilyong nagkaroon ng COVID-19 at mas posibleng magkaroon ng komplikasyon sa paghinga.</p>
<p><b>Why is smoking a risk factor for COVID-19?</b></p> <p><b>MAIN:</b> Smoking is a risk factor because of two main reasons:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>▪ It is known to weaken a person's immune system, making it much less effective in fighting off infections like COVID-19.</li> <li>▪ It can cause lung disease or otherwise damage and weaken the lungs.</li> </ul> <p><b>SUB:</b> Those with pre-existing or chronic respiratory disease and those with weaker lungs, like smokers, are thus more likely to be severely affected by respiratory viruses like COVID-19.</p>	<p><b>Bakit isang risk factor ng COVID-19 ang paninigarilyo?</b></p> <p><b>MAIN:</b> Ang paninigarilyo ay isang panganib dahil sa dalawang pangunahing punto:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Pinahihina nito ang immune system ng isang tao, kaya hindi nagiging epektibo ang paglaban sa virus na gaya ng COVID-19.</li> <li>▪ Kaya nitong magdulot ng sakit sa baga, at sirain o pahinain ang mga ito.</li> </ul> <p><b>SUB:</b> Ang mga may dati na o may chronic respiratory disease, at may mahihinang baga, gaya ng mga naninigarilyo, ay maaaring higit na lubhang maapektuhan ng mga respiratory virus na gaya ng COVID-19.</p>

---

**I'm a smoker. What should I do to lower my risk of contracting COVID-19?**

**MAIN:** Do your best to stop smoking. This is good for the people around you too — inhaling secondhand smoke can be just as damaging as smoking.

**SUB:** Continue other measures, such as staying at least one meter away from others, washing your hands frequently, wearing a face mask in public, and covering your mouth and nose when you cough or sneeze.

---

**If I quit smoking, what health benefits are there for me?**

If you quit smoking, you are:

- Able to breathe, smell, and taste better;
- Less likely to get lung disease, lung cancer, and other forms of cancer;
- Less likely to have heart disease, stoker, or other cardiovascular diseases;
- Less likely to experience constant coughing, wheezing, and shortness of breath; and,
- Less likely to be infertile or impotent and less likely to miscarry or have premature births.

---

**Naninigarilyo ako. ano ang dapat kong gawin para bumaba ang tsansang magkaroon ng COVID-19?**

**MAIN:** Gawin ang makakaya upang huminto sa paninigarilyo. Makabubuti rin ito sa mga taong nakapaligid sa iyo—parehong nakapipinsala ang paninigarilyo at paglanghap ng usok nito.

**SUB:** Ipagpatuloy ang ibang paraan ng pag-iingat, gaya ng pagpapanatili ng hindi baba sa isang metrong distansya sa iba, madalas na paghuhugas ng kamay, pagsusuot ng face mask kapag nasa labas ng bahay, at pagtatakip ng bibig at ilong kapag umuubo o bumabahing.

---

**Kung tumigil ako sa paninigarilyo, anu-ano ang benepisyo nito sa aking kalusugan?**

Kung tumigil ka sa paninigarilyo:

- Magiging mas maayos ang iyong paghinga, pang-amoy, at panlasa;
  - Mas mababa ang iyong tsansang magkaroon ng sakít sa baga, kanser sa baga, at iba pang uri ng kanser;
  - Mas mababa ang iyong tsansang magkaroon ng sakít sa puso, stroke, at iba pang cardiovascular na sakít;
  - Mas mababa ang iyong tsansang makaranas ng palagiang pag-ubo, paghingal, at hirap na paghinga; at
  - Mas mababa ang iyong tsansang maging baog, mawalan ng gana sa pakikipagtalik, makunan, o manganak ng kulang sa buwan.
-

---

### If I quit smoking, what health benefits are there for those around me?

Those around you are also:

- Less likely to be exposed to thousands of chemicals in secondhand smoke, hundreds of which are toxic;
- Less likely to develop lung cancer and other respiratory diseases;
- Less likely to develop heart disease or experience strokes; and,
- Less likely to experience bronchitis, pneumonia, asthma, and chronic symptoms like wheezing and coughing.

### Kung tumigil ako sa paninigarilyo, ano-ano ang benepisyo nito sa kalusugan ng mga nasa paligid ko?

Kung tumigil ka sa paninigarilyo:

- Mas mababa ang exposure nila sa libu-libong kemikal na nasa secondhand smoke, nakalalason ang marami sa mga ito.
- Mas mababa ang kanilang tsansang magkaroon ng kanser sa baga at iba pang respiratory disease.;
- Mas mababa ang kanilang tsansang magkaroon ng sakít sa puso o makaranas ng stroke; at
- Mas mababa ang kanilang tsansang makaranas ng bronchitis, pulmonya, hika, at paulit-ulit na sintomas na gaya ng pagkahingal at pag-ubo.

---

### How do I quit smoking?

Develop a quit plan, and stick to it:

- **Set a quit date.** Work toward smoking less and less as you approach it.
- **Tell your friends, family, and co-workers.** ask for their support and encouragement, or ask them not to smoke around you.
- **Anticipate challenges.** Understand that it will be difficult, especially at first, but remind yourself of all the good reasons why you're quitting.
- **Remove tobacco products from your environment.** Throw away tobacco products, avoid smoking areas, and ask your peers not to smoke around you.

It's normal for smokers to try to quit more than once. Learn from relapses, then try again. Remember that you can quit, as long as you stick to your goals!

---

### Paano ako mahihinto sa paninigarilyo?

Bumuo ng isang plano sa paghinto, at panindigan ito:

- **Magtakda ng petsa sa paghinto.** Unti-unting bawasan ang paninigarilyo habang papalapit sa petsang ito.
- **Sabihan ang iyong mga kaibigan, pamilya, at katrabaho.** Hingin ang kanilang suporta at hikayat, o hilinging huwag manigarilyo sa paligid mo.
- **Asahan ang mga hamon.** Isiping magiging mahirap ito, lalo na sa umpisa, ngunit ipaalala sa sarili ang lahat ng mabubuting dahilan kung bakit ka humihinto.
- **Alisin ang mga produktong tabako sa iyong paligid.** Itapon ang mga produktong tabako, iwasan ang mga smoking area, at hilingin sa mga kasama na huwag manigarilyo sa paligid mo.

Normal na hindi lang isang beses susubok ang mga naninigarilyo na tumigil. Matuto sa mga relapse, at subuking muli. Laging tandaan kaya mong tumigil basta't malinaw sa iyo ang layunin mo!

---



---

### What should I do to help a friend or family member stop smoking?

Be as supportive as possible by:

- Praising them for attempting to quit;
- Giving encouraging words when they need it;
- Removing tobacco products, ash trays, and lighters from around them;
- Spending time with them doing things they like to keep their minds away from smoking; and
- Encouraging them to learn from their experience and try again if they relapse.

### Ano ang dapat kong gawin upang matulungan ang isang kaibigan o kapamilya na huminto sa paninigarilyo?

Sumuporta hangga't kaya sa pamamagitan ng:

- Pagpuri sa kanila dahil sa pagsisikap na tumigil;
- Pagpapalakas ng kanilang loob kapag kailangan nila ito;
- Pag-aalis ng mga produktong tabako, ash tray, at lighters sa paligid nila;
- Pagsama sa mga ginagawa nila upang mawaglit sa kanilang isip ang paninigarilyo; at
- Panghihikayat na matuto sa kanilang mga karanasan at subuking muli kung bumalik sa paninigarilyo.

---

### What should I do to overcome my fear and anxiety about smokers and people who may have COVID-19?

**MAIN:** Understand that anyone can get infected with COVID-19, not just smokers. Show empathy and kindness to everyone, including smokers who are trying to quit.

**SUB:** Do not let your fear or negative preconceptions of those who smoke or those who have COVID-19 turn into harmful actions against them.

Remember, #WeHealasOne.

---

### Ano ang mga dapat kong gawin upang malampasan ang aking takot at pangamba sa mga naninigarilyo at taong maaaring may COVID-19?

**MAIN:** Tandaang maaaring mahawa sa COVID-19 ang kahit na sino, hindi lang ang mga naninigarilyo. Damayan sila at magpakita ng kabutihan sa lahat, kabilang ang mga naninigarilyong nagsisikap na huminto.

**SUB:** Huwag hayaang makasakit sa kanila ang iyong takot at negatibong pananaw sa mga naninigarilyo at mga may COVID-19.

Tandaan, #WeHealasOne

---

### Why do we need to stop stigmatizing smokers?

**MAIN:** Stigma can discourage smokers from seeking help or trying to quit. If they catch COVID-19, they may not seek medical care or they may try to hide their illness out of shame.

**SUB:** Stigma will not stop smokers from smoking, nor will it cure COVID-19.

---

### Bakit kailangan nating pawiin ang estigma sa mga naninigarilyo?

**MAIN:** Maaaring panghinaan ng loob ang mga naninigarilyo sa paghingi ng tulong o huminto sa paninigarilyo dahil sa estigma. Kung nahawa sila ng COVID-19, maaaring hindi sila humingi ng tulong medikal o maaaring itago nila ang sakit dahil sa kahihyan.

**SUB:** Hindi mapipigil ng estigma ang paninigarilyo ng mga naninigarilyo, ni magagamot nito ang COVID-19.

---

## IV. COVID-19 and Stigma

ENGLISH	FILIPINO
<p><b>Viruses don't discriminate and neither should we.</b></p>	<p><b>Ang virus ay walang pinipili at hinuhusgahan. Tayo rin dapat.</b></p>
<p><b>We should be fighting the virus, not each other.</b></p> <p>Speak up if you see health care workers or recovered patients being mistreated or harassed.</p> <p>Remind the harasser that their words and actions make us all feel less safe.</p>	<p><b>Kalabanin natin ang virus, hindi ang isa't isa.</b></p> <p>Magsalita kung nakikitang ang mga healthcare workers o mga gumaling na pasyente ay inaabuso o ginigipit.</p> <p>Paalalahanan ang mga nanggigipit na ang kanilang mga salita at kilos ay nakakadagdag lamang sa kaguluhan.</p>
<p><b>Show compassion and kindness towards people with COVID-19 and those who recovered.</b></p> <p>We're all at risk of getting the virus. You could catch it too. We should support people who are sick, not bring them down.</p>	<p><b>Magpakita ng malasakit at kabutihan sa mga taong may COVID-19 at sa mga gumaling dito.</b></p> <p>Lahat tayo ay nanganganib na magka-virus. Maaari mo ring makuha ito. Suportahan natin ang mga may sakit sa halip na hilahin sila pababa.</p>
<p><b>Our actions speak louder than our words.</b></p> <p>Our kindness towards healthcare workers shouldn't stop with Facebook posts. Support their efforts by protecting them from harm and helping their families.</p>	<p><b>Mas importante ang ating kilos kaysa sa salita.</b></p> <p>Hindi dapat matapos sa Facebook posts ang malasakit natin sa healthcare workers. Suportahan natin sila sa pamamagitan ng pagprotekta sa kanila sa kapahamakan at pagtulong sa kanilang mga pamilya.</p>
<p><b>Are we celebrating recoveries but turning them away when they return home?</b></p> <p>People who have recovered from COVID-19 cannot spread the virus to others. We need to continue to show them kindness.</p>	<p><b>Nagsasaya tayo kapag may gumaling sa COVID-19 pero ipinagtatabuyan natin sila kapag umuwi sa kanilang tahanan?</b></p> <p>Hindi na nakakahawa ang mga taong gumaling sa COVID-19. Mas kailangang ipakita ang malasakit sa kanila.</p>

---

**Rumors and fake news are also viral. Spread facts only.**

During the COVID-19 pandemic, social media has spread misinformation that brought ridicule to our healthcare workers and absurd ways of virus prevention. Don't believe in fake news. Health workers do NOT carry the virus to the community. It is UNFAIR to treat them badly in return for all their sacrifices to keep the Filipino people healthy and safe.

Facts and scientifically validated information should serve as antidote for the spread of misinformation and consequently discrimination.

---

**Getting the virus is not a shame, everyone is vulnerable to it.**

We could get coronavirus just as much as we could get other diseases. We must never let it affect how we behave towards others, nor use it to excuse our negative attitudes. Discrimination and stigma linked to a disease can become extremely dangerous and pose a real public health challenge. It can drive people to hide the illness or symptoms, avoid medical care, or neglect following preventive measures.

To protect ourselves and prevent the spread of the virus to our loved ones and our communities, we can instead turn our worries and concerns into actions. Practice proper hand washing, social distancing, and cough etiquette.

While the country is doing its best to respond to this emergency, everyone should likewise do their best to spread kindness, solidarity and support. Let us do our own part to control the spread of the virus. Your contribution makes a lot of difference.

---

**Ang mga tsismis at fake news ay para ding virus, mabilis kumalat. Totoong balita lamang ang ipalaganap.**

Sa panahon ng COVID-19, naglipana sa social media ang mga maling balita na nagdudulot ng pangungutya sa ating mga healthcare workers at iba't ibang paraan kung paano malulunasan ang sakit . Huwag maniwala sa mga tsismis na ito. HINDI TOTOONG nagdadala sila ng virus sa komunidad. HINDI RIN PATAS ang ganitong pagtrato at pagsukli sa lahat ng kanilang sakripisyo, manatili lamang na malusog at ligtas ang sambayanang Pilipino.

Pawang katotohanan at siyentipikong impormasyon ang pangontra sa kumakalat na maling mga balita at sa dulot nitong diskriminasyon.

---

**Huwag ipahiya ang mga taong may COVID-19. Lahat ay posibleng magkaroon nito.**

Maaari tayong magkaroon ng COVID-19 tulad din ng ibang sakit. Hindi ito dapat makaapekto sa pakikitungo natin sa ibang tao o gamiting dahilan upang manakit ng iba. Ang diskriminasyon at stigma na iniuugnay sa isang sakit ay lubhang mapanganib at maaring magdulot ng matinding pagsubok sa public health. Maaari ito ang magtulak sa isang tao upang itago ang kanilang sakit o sintomas, hindi magpagamot, o hindi sumunod sa mga dapat gawing pag-iingat.

Upang maprotektahan ang ating sarili at mapigilan ang pagkalat ng virus sa ating pamilya at komunidad, maaari nating ibaling ang ating pag-aalala tungo sa wastong aksyon. Maghugas lagi ng kamay, manatili sa bahay, isagawa ang physical distancing, at wastong paraan ng pag-ubo.

Habang ginagawa ng bansa ang lahat ng makakaya nito upang tugunan ang krisis, ipakita nating lahat ang suporta, malasakit at pagkakaisa. . Mag-ambag tayo para sa pagsugpo ng pagkalat ng virus. Malaki ang magagawa ng iyong kontribusyon dito.

---

---

**COVID-19 has already taken so much from us.  
Don't let it take our humanity too!**

While the coronavirus outbreak can cause fear, it does not justify any form of discrimination or violence to those who are at higher risk of catching the disease. We must remember that the country cannot fight COVID-19 without first protecting its frontliners.

Frontliners include health professionals, members of the government providing emergency services and service workers in establishments providing our basic necessities.

The heroism, dedication and selflessness of frontliners allow the rest of us some reassurance that we will overcome this virus. These people are our frontline soldiers.

Fight the virus, not the people.

**Anyone can get COVID-19.**

No one asks for it.  
No one deserves it.  
It does not define who you are.

We're all still Filipinos and we should all  
#HealasOne.

---

**Napakarami nang kinuha ng COVID-19 sa atin.  
Huwag nating hayaan na kunin din nito ang ating pagkatao!**

Nagdudulot man ng takot ang COVID-19, hindi ito sapat na dahilan upang gumawa ng masama sa iba, lalung-lalo na sa ating mga healthcare workers (HCWs). Tandaan na hindi natin malalabanan ang COVID-19 kung hindi natin poprotektahan ang ating HCWs.

Ang mga frontliners ay binubuo ng mga health professional, miyembro ng gobyerno na mga pangunahing serbisyo upang matugunan ang pangangailangan ng mamamayan.

Dahil sa kabayanihan at dedikasyon nila, nabibigyan tayo ng pag-asa na masusugpo rin natin ang virus.

Labanan ang virus, hindi ang tao.

---

**Kahit sino ay maaaring magkaroon ng COVID-19.**

Walang humiling na magkaroon nito.  
Walang nararapat na mahawa nito.  
Hindi ito sukatan ng pagkatao.

Pilipino pa rin tayong lahat at kailangan nating mag-  
#HealasOne.

---

## V. Mechanical Ventilators

### ENGLISH

### FILIPINO

#### What is a ventilator and how does it work?

Ventilators are mechanical breathing devices used to provide COVID-19 patients whose lungs are attacked by the virus with the oxygen they need.

COVID-19 can cause inflammation in our airways, which reduces the lungs' ability to take in oxygen and get rid of carbon dioxide.

a ventilator can move air in and out of the lungs in cases where a patient is having trouble breathing on their own. The air flows through a tube that goes into the patient's mouth and down their windpipe.

#### Ano ang ventilator machine at paano ito gumagana?

Ang ventilator ay mekanikal na aparato sa paghinga na ginagamit upang magbigay ng hangin o oxygen sa mga pasyenteng may COVID-19 na kritikal ang kondisyon.

ang COVID-19 ay maaaring maging sanhi ng pamamaga ng daanan ng hangin at pagkawala ng normal na function ng baga, na syang nagbabawas sa kakayahan ng katawan na kumuha ng oxygen at maglabas ng carbon dioxide.

May kakayahan ang ventilator na magpasok at maglabas ng hangin sa baga ng mga pasyenteng nahihirapang huminga mag-isa. ang hangin ay dumadaloy sa pamamagitan ng isang tubo na ipinapasok sa bibig ng pasyente at bumaba sa daanan ng hangin.

## VI. Proper Use of Face Masks

ENGLISH	FILIPINO
<p><b>Main:</b> You must wear a face mask at all times if you leave your house during ECQ.</p> <p><b>Sub:</b> Wear a mask when you go to the grocery or pharmacy, or anywhere else in public. COVID-19 can be spread even when talking.</p>	<p><b>Main:</b> Dapat magsuot ng face mask sa <b>lahat ng oras</b> kung aalis ng bahay habang ECQ.</p> <p><b>Sub:</b> Magsuot ng mask kapag pupunta sa grocery o botika, o kahit saang pampublikong lugar. Maaari pa ring kumalat ang COVID-19 kahit nag-uusap lamang.</p>
<p><b>Main:</b> Make sure you still clean your hands, keep at least one meter from others when outside, and cover your nose and mouth when coughing and sneezing.</p> <p><b>Sub:</b> Wearing a face mask alone does not fully protect you from COVID-19.</p>	<p><b>Main:</b> Tiyaking laging naghuhugas ng mga kamay, dumistansya nang kahit isang metro sa iba kapag nasa labas, at takpan ang iyong ilong at bibig kapag umuubo o bumabahing.</p> <p><b>Sub:</b> Hindi sapat ang pagsusuot lamang ng face mask para protektahan ka mula sa COVID-19.</p>
<p>What face mask should I use?</p>	<p>Anong face mask ang gagamitin ko?</p>
<p><b>Main:</b> If you are healthy, it's okay to use cloth or DIY face masks or medical masks when you leave your home. Look online to learn how to make face masks from t-shirts, hand towels, bandanas, or scarves.</p>	<p><b>Main:</b> Kung malusog ka, okay lang gumamit ng tela o DIY face mask o medical masks kapag aalis ng bahay. Tumingin online upang matutunan ang paggawa ng face mask mula sa mga t-shirt, tuwalya, balabal, o bandana.</p>
<p><b>Main:</b> If you are sick, wear a medical face mask, except when eating or sleeping. Wear a medical face mask when caring for someone who is sick, too.</p>	<p><b>Main:</b> Kung ikaw ay may sakit, magsuot ng medical face mask, maliban kung kumakain o natutulog. Magsuot din ng medical face mask kapag nag-aalaga ng may sakit.</p>
<p><b>Main:</b> Preserve the supply of medical masks or N-95 respirators for those who need it the most — healthcare workers, frontliners, and people with COVID-19 symptoms.</p>	<p><b>Main:</b> Ipreserba ang suplay ng mga medical mask o N-95 respirator para sa mga higit na nangangailangan nito — mga healthcare worker, frontliner, at taong may sintomas ng COVID-19.</p>
<p>How do I wear a face mask?</p>	<p>Paano magsuot ng face mask?</p>
<p><b>Main:</b> Make sure your face mask covers your mouth and nose, and is snug on your face.</p>	<p><b>Main:</b> Tiyaking natatakpan ng face mask ang iyong bibig at ilong, at nakalapang nang maigi sa iyong mukha.</p>
<p><b>Main:</b> Keep your mask on at all times while in public, even when speaking. Remove it only when you get home or when you need to eat.</p>	<p><b>Main:</b> Isuot ang mask sa lahat ng oras habang nasa pampublikong lugar, kahit habang nakikipag-usap. Tanggalin lamang ito kapag nasa bahay na o kailangang kumain.</p>
<p><b>Main:</b> Do not touch your face while wearing your mask.</p>	<p><b>Main:</b> Huwag hahawakan ang iyong mukha habang nakasuot ng mask.</p>
<p><b>Main:</b> Do not touch the front of your mask while wearing it to avoid contamination, or the transfer of germs, bacteria, and viruses.</p>	<p><b>Main:</b> Huwag hahawakan ang harap ng iyong mask habang suot ito upang maiwasan ang kontaminasyon o ang paglipat ng mga mikrobyo, bacteria, at virus.</p>

**Main:** Wash your hands with soap and water or an alcohol-based solution before and after fixing or touching your mask.

**Main:** Hugasan ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig o alcohol-based solution bago at pagkatapos ayusin o hawakan ang iyong mask.

How do I remove and dispose of face masks?

Paano ang tamang pagtanggap at pagtatapon ng face mask?

**Main:** Remove your face mask from behind without touching the front of your mask.

**Main:** Tanggalin ang iyong face mask mula sa likod nang hindi hinahawakan ang harap ng iyong mask.

**Main:** Do not re-use disposable masks. Replace them daily, or when they are damaged, soiled, or moist.

**Main:** Huwag nang gagamitin muli ang mga disposable mask. Palitan ang mga ito araw-araw o kapag nasira, narumihan, o mamasa-masa na.

**Main:** Wash reusable cloth masks with hot water and detergent. Dry them under direct sunlight.

**Main:** Labhan ang reusable na telang mask gamit ang mainit na tubig at detergent. Patuyuin ito sa ilalim ng araw.

**Main:** After removing your face mask, clean your hands with soap and water or an alcohol-based solution immediately.

**Main:** Pagkatapos tanggalin ang face mask, linisin agad ang mga kamay gamit ang sabon at tubig o alcohol-based solution.

## VII. When to call your BHERTs

ENGLISH	FILIPINO
<p><b>Call your local BHERT!</b> <b>(Barangay Health Emergency Response Team)</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>If you have mild symptoms (fever, dry cough) and live in a place under ECQ or traveled to a place under ECQ so you can be monitored, please self-isolate at home for 14-day monitoring.</li> <li>If you suddenly have difficulty breathing, pressure on your chest, (and other severe symptoms) inform the LGU so it can coordinate your referral to the nearest facility that can receive you. You can also call the DOH COVID Hotline.</li> </ul>	<p><b>Tawagan ang iyong lokal na BHERT!</b> <b>(Barangay Health Emergency Response Team)</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Kung may banayad sintomas (lagnat, ubong walang plema) at naninirahan sa isang lugar na naka-ECQ o nagpunta sa isang lugar na naka-ECQ, mangyaring manatili lamang sa bahay at huwag lalapit sa mga kasama sa bahay sa loob ng 14 na araw upang ma-monitor ang iyong kondisyon.</li> <li>Kung biglang nakaramdam ng hirap sa paghinga, bigat sa dibdib, at iba pang malubhang sintomas, ipaalam sa local na pamahalaan upang matulungan i-refer sa pinakamalapit na pasilidad na tutulong sa iyo. Maaari ding tawagan ang DOH COVID Hotline.</li> </ul>
<p><b>Why do you need to call BHERT (Barangay Health Emergency Response Team)?</b> Because they will: Monitor your symptoms everyday Help people that need medical attention, even if they do not have COVID-19, and bring them to the nearest hospital, if needed assist people with severe symptoms of COVID-19 like difficulty breathing and bring them to the nearest hospital that can receive them</p>	<p><b>Bakit kailangang tawagan ang BHERT (Barangay Health Emergency Response Team)?</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>Para ma-monitor ang mga iyong mga sintomas araw-araw.</li> <li>Para matulungan ang mga taong kailangan ng atensyong medikal, kahit walang kinalaman sa COVID-19, at madala sila sa ospital kung kinakailangan.</li> <li>Para matulungan ang mga taong may malubhang sintomas ng COVID-19 tulad ng hirap sa paghinga, at madala sila sa pinakamalapit na ospital.</li> </ol>
<p><b>When to seek for medical consult when symptoms persists/worsens during your strict home quarantine:</b> You need to be referred to a Level 2 or 3 hospital when you have the following:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>When you start experiencing difficulty of breathing or shortness of breath on top of your previous symptoms</li> <li>When you experience fast breathing (more than 30 breaths in one minute)</li> <li>When your fever, cough, or other respiratory symptom persists and worsens even with appropriate treatment and management</li> </ul> <p>Contact your community healthcare worker or BHERTs for appropriate referral. Receiving health facilities should be first informed of your arrival.</p>	<p><b>Kailan kinakailangang magpa-konsulta kung nagtuluy-tuloy o lumala ang iyong sintomas habang naka-home quarantine?</b> Kinakailangan mong maipadala sa isang Level 2 o 3 na ospital kung:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>Nagsimula kang hingalin o naharipang huminga maliban pa sa ibang sintomas</li> <li>Kapag nakatala nang mabilis na paghinga: 30 o mas mabilis na paghinga sa loob ng isang minuto</li> <li>Kapag ang lagnat, ubo, o iba pang sintomas ay nagtuluy-tuloy at lumala kahit pa natapos ang nararapat na gamutan</li> </ul> <p>Paalala: Kailangan ipaalam sa inyong BHW o BHERT bago pumunta sa nararapat na health facility. Kinakailangan munang ma-abisuhan ang ospital na tatanggap sa pasyente.</p>



## VIII. Barangay Health Emergency Response Team (BHERT)

ENGLISH	FILIPINO
<p><b>Q: What is a Barangay Health Emergency Response Team (BHERT)?</b></p> <p><b>A:</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>▪ A BHERT is a team formed to assist in the direct implementation of the government's response to mitigate the spread of COVID.</li> <li>▪ There should be 1 BHERT for every 5000 people.</li> </ul>	<p><b>Q: Ano ang Barangay Health Emergency Response Team (BHERT)?</b></p> <p><b>A:</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Sila ay ang grupong binubuo ng mga kawaning itinalaga ng barangay upang direktang mapigilan ang pagkalat ng COVID-19 sa komunidad.</li> <li>▪ Dapat mayroong isang BHERT kada 5,000 katao.</li> </ul>
<p><b>Q: Why is there a need for a Barangay Health Emergency Response Team (BHERT)?</b></p> <p><b>A:</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>▪ The BHERT is a coordinating body that has a direct tap to the pulse of the community it is tasked to oversee.</li> <li>▪ It is at the forefront of the community's response to the threat of COVID, and it should directly relate to its constituents and acknowledge their shared context.</li> <li>▪ More than simply a regulatory body, it also manages the community's expectations and sentiments/fears in the face of the danger of disease.</li> </ul>	<p><b>Q: Bakit may Barangay Health Emergency Response Team (BHERT)?</b></p> <p><b>A:</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Dahil ang mga miyembro ng BHERT ay galing mismo sa komunidad, alam nila ang tunay na kalagayan ng kanilang nasasakupang barangay.</li> <li>▪ Dama nila ang pulso at nauunawaan ang saloobin ng kanilang komunidad tungkol sa COVID-19.</li> <li>▪ Dahil dito, mas magiging mahusay ang koordinasyon ng mga hakbang laban sa COVID-19 sa barangay.</li> </ul>
<p><b>Q: Who comprises the BHERT?</b></p> <p><b>A:</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>▪ The Barangay Captain appoints members of the BHERT.</li> <li>▪ The BHERT is composed of an Executive Officer, Barangay Tanod, Barangay Health Workers (BHW), and a nurse/midwife.</li> <li>▪ Volunteers are allowed to join BHERT.</li> <li>▪ It is not a requirement to be a health worker for a person to become a BHERT member or volunteer.</li> <li>▪ a nurse or midwife will lead BHWs and volunteers regarding medical concerns. On the other hand, the Executive Officer shall be responsible for other tasks (e.g. support in supplies or food)</li> </ul>	<p><b>Q: Sinu-sino ang mga kasapi ng BHERTs?</b></p> <p><b>A:</b></p> <ul style="list-style-type: none"> <li>▪ Ang Punong Barangay ang nagtatalaga sa mga miyembro ng BHERT.</li> <li>▪ ang BHERT ay binubuo ng isang Executive Officer, Barangay Tanod, Barangay Health Workers (BHW) at isang nurse/midwife.</li> <li>▪ Maaari ring sumapi ang mga volunteer sa grupo ng BHERT.</li> <li>▪ Hindi kinakailangang maging health worker ang mga miyembro o volunteers ng BHERT.</li> <li>▪ Isang nurse o midwife ang mangangasiwa sa mga BHW at volunteers pagdating sa mga isyung medikal. ang Executive Officer naman ang mangangasiwa sa iba pang tungkulin (halimbawa, suporta sa kagamitan o pagkain).</li> </ul>

**Q: What does the BHERT do?****A:**

- It is the BHERT's responsibility to give accurate information and advice about COVID-19 to their constituents.
  - It is a disease that does not need to be ashamed of.
  - The purpose of hand washing, wearing face masks or covering coughs and sneezes, social distancing, and quarantine is to prevent the spread of COVID -19.
  - Most people who get sick recover - almost no symptoms, sore throat, cough or just flu. However, it can be dangerous for older adults (> 60 years old) and other ailments (such as diabetes, heart disease, hypertension, etc.).
- BHERT ensures that people undergoing quarantine are in good health, whether at home or at the temporary treatment and monitoring facility. They assure compliance with the prescribed duration of quarantine (14 days).
- BHERT will take the lead in active contact tracing, or identify individuals and families who may already have COVID-19 in their community. The aim is:
  - To include the family in RHU monitoring, and
  - The barangay can support undergoing home quarantine while they are unable to get out (for example, their food).

**Q: Who comprises the BHERT?****A:**

- Tungkulin ng BHERT na magbigay ng tamang impormasyon at payo tungkol sa COVID-19 sa kanilang sakop.
  - Ito ay sakit na hindi kailangang pandirihan.
  - Ang layon ng paghuhugas ng kamay, pagsusuot ng mask o pagtatakip ng bibig sa pag-ubo at pagbahing, social distancing, at quarantine ay upang mapigilan ang pagkalat ng COVID -19.
  - Karamihan ng magkakasakit ay kusang gagaling - halos walang mararandaman, sore throat, ubo o parang trangkaso lamang. Subalit delikado kung tamaan ang matatanda (>60 taong gulang) at iba pang may karamdaman (gaya ng diabetes, sakit sa puso, alta presyon, atbp).
- Sinisiguro ng BHERT na maayos ang kalagayan ang mga taong sumasailalim sa quarantine, sa bahay man o sa temporary treatment and monitoring facility. Sila ang maniniguro sa pagsunod ng itinakdang tagal ng quarantine (14 na araw).
- Ang BHERT ang mangunguna sa active contact tracing, o pagtukoy ng mga tao at pamilyang maaaring may COVID-19 na sa kanilang komunidad. ang layon ay
  - Upang maisama ang pamilya sa pag-monitor ng RHU, at
  - Masuportahan ng barangay ang pagsailalim sa home quarantine habang hindi sila makalabas (halimabawa, ang kanilang pagkain).

- 
- The BHERT will determine if the home quarantine rule is not applicable (for example, homeownership or with an elderly person and person with a homesickness). They will coordinate transfer of patients with mild symptoms to a temporary treatment and monitoring facility.
  - BHERT will record the symptoms and temperature of quarantines and report them to RHU daily.
  - Tutukuyin ng BHERT kung ang tuntunin ng home quarantine ay hindi kaya ng pamilya (halimbawa, napakasikip ng tirahan o may kasamang matanda at taong may karamdaman sa bahay). Ililipat ang mga pasyenteng may banayd na sintomas sa Temporary Treatment and Monitoring Facilities upang doon magpagaling.
  - Ang BHERT ang magtatala ng sintomas at temperatura ng mga naka-quarantine at i-rereport ito sa RHU araw-araw.
- 

**Q: What is the task of each member of the BHERT?**

**A:**

- The Executive Officer oversees the work of the BHERT. S/he liaises with the Barangay Chief and other branches of the local government. S/he ensures that BHERT has sufficient capacity and equipment to perform their duties.
- Barangay Tanod is helping organize BHERT's walkways to their covered households. They also serve as peacekeepers when needed.
- Barangay Health Workers (BHW) / volunteers:
  - Determine if home quarantine or referral to a temporary treatment and monitoring facility is best
  - Will provide information and advice on the disease (how to get it and how to prevent it) and what to do while quarantine
  - Teach the family how to take temperatures and report symptoms daily
  - Record data about possible COVID-19s and passes them to the local health office
  - Consult with the nurse or midwife if serious illness is suspected in the monitor, to provide a quick response to the situation

**Q: Who comprises the BHERT?**

**A:**

- Ang Executive Officer ay ang nangangasiwa sa gawain ng BHERT. Siya ang nakikipag-ugnayan sa Punong Barangay at iba pang sangay ng lokal na pamahalaan. Sinisigurado niya na may sapat na kapasidad at kagamitan ang BHERT upang magampanan ang kanilang mga tungkulin.
  - Barangay Tanod ang tumutulong sa pag-oorganisa ng mga lakad ng BHERT papunta sa kanilang sakop na kabahayan. Nagsisilbi din silang taga-pamayapa kung kinakailangan.
  - Ang mga Barangay Health Worker (BHW) / volunteers ang
    - pagtukoy kung home quarantine o temporary treatment and monitoring facility ang pinakamainam
    - magbibigay kaalaman at payo tungkol sa sakit (kung paano ito maaaring makuha at paano ito maiiwasan) at kung ano ang dapat gawin habang naka-quarantine
    - magtuturo sa pamilya kung papaano kumuha ng temperatura at magreport ng simtomang araw-araw
    - magtatala ng datos tungkol sa mga posibleng mayroong COVID-19 at ipinapasa ito sa lokal na tanggapang pangkalusugan
    - makikipagugnayan sa nurse o midwife kung may hinihinalang malubhang karamdaman sa mga binabantayan, upang mabigyan ng mabilis na tugon ang kalagayan
-

## IX. Barangay Health Worker (BHW)

### ENGLISH

### FILIPINO

**Q: Who are the Barangay Health Workers and what are their responsibilities?**

**A:**

- BHWs are the frontliners of health in our barangay.
- They are volunteers from the community who have formal training to care for the health of the family within an assigned catchment area.
- They work with other members of the health team (such as doctors, nurses, and midwives) in promoting health programs and services in communities.
- BHWs also serve as community organizers to provide health educators and educators.
- The role of BHWs in maintaining the health of their villages is also of vital importance.

**Q: What is the role of BHWs in the fight against COVID-19?**

**A:** BHWs are community partners in:

- Identifying possible COVID-19 patients
- Monitoring of families in quarantine or isolation
- Monitoring and caring for patients in the Temporary Treatment and Monitoring Facility
- Providing knowledge of the disease (how it can be contracted and prevented) and what to do during home quarantine or isolation
- In addition to addressing the COVID-19 threat to the community, BHWs also provide barangay medical services such as immunization, malnutrition prevention, etc.

**Q: Sinu-sino ang mga Barangay Health Workers at anu-ano ang kanilang mga responsibilidad?**

**A:**

- Ang mga BHW ay ang mga frontliner ng kalusugan sa ating barangay.
- Sila ay mga volunteer mula sa komunidad na sumailalim sa pormal na pagsasanay para mangalaga sa kalusugan ng mga pamilya sa loob ng isang assigned na lugar o catchment area.
- Kaagapay sila ng iba pang miyembro ng health team (katulad ng doktor, nurse, at midwife) sa pagpapalaganap ng mga programa at serbisyong pangkalusugan sa mga komunidad.
- ang mga BHW ay nagsisilbi ring mga taga-tipon o taga-organisa ng komunidad (community organizers) upang makapagbigay ng aral at impormasyon tungkol sa kalusugan (health educators).
- Napakahalaga ng ginagampanang tungkulin ng mga BHWs sa pagpapanatili ng kalusugan sa kanilang mga barangay kung saan din sila nagmula.

**Q: Ano ang papel ng mga BHW sa laban kontra COVID-19?**

**A: Ang mga BHW ay katuwang ng komunidad sa:**

- Pagtukoy sa mga posibleng mayroong COVID-19
- Pag-subaybay sa mga pamilyang naka-home quarantine o isolation
- Pagbantay at pag-alaga sa mga pasyente sa Temporary Treatment and Monitoring Facility
- Paglatag ng kaalaman tungkol sa sakit (kung paano ito maaaring makuha at maiiwasan) at kung ano ang mga dapat gawin habang naka-home quarantine o isolation.
- Maliban sa pagtugon sa banta ng COVID-19 sa komunidad, ang mga BHWs ay nagbibigay din ng mga serbisyong medikal sa barangay gaya ng pagbabakuna, pagsugpo sa malnutrisyon, atbp.

---

**Q: What are the roles of BHWs in the Temporary Treatment and Monitoring Facility?**

**A:** As part of the team that oversees Temporary Treatment and Monitoring Facility, BHWs are expected to perform the following:

- Have an orientation or training on proper wear and use of Personal Protective Equipment (PPE) to ensure personal safety
- Assist in daily monitoring, monitoring, and recording of health of persons within the Temporary Treatment and Monitoring Facility
- Immediately contact midwife, nurse, or doctor regarding health status (including symptoms recorded) of patients within the Temporary Treatment and Monitoring Facility

**Q: Ano ang mga tungkulin ng mga BHW sa Temporary Treatment and Monitoring Facility?**

**A:** Bilang bahagi ng team na nag-aasikaso sa mga Temporary Treatment and Monitoring Facility, ang mga BHW ay inaasahang magsasagawa ng sumusunod:

